

7

Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa

Kuwartar 1

Linggo

3

Gawaing Pampagkatuto sa Araling Panlipunan 7 Kuwartar 1: Linggo 3

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng DepEd National Capital Region sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Sara Z. Duterte

Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

Writer:	Development Team Aileen s. Alforque
Content Reviewer:	Bernard R. Balitao
External Content Validator:	Dr. Ma. Victoria Culminas-Colis, Ruben Jeffrey Asuncion
External Language Validator:	
Illustrator:	Romdel F. Partoza, Raphael A. Lopez
Layout Artist:	Allan E. Medenilla, Albert James Macaraeg
Management Team	
JOCELYN DR ANDAYA , <i>CESO IV</i> , Director IV	
CRISTITO A. ECO , <i>CESO III</i> , Assistant Regional Director	
MICAH G. PACHECO , OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD	
DENNIS M. MENDOZA , Regional EPS/Learning Resource Management Section Head	
ANDREW E. TAN , Regional Araling Panlipunan Education Program Supervisor	
LUCKY S. CARPIO , SDO Manila LRMS Education Program Supervisor	

Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)

Office Address: 6 Misamis St, Bago Bantay, Quezon City
Metro Manila, Philippines, 1105

Telefax: (02) 85229412

Email Address: ncr@deped.gov.ph



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
<https://www.depedncr.com.ph>

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO 7

Asignatura	Araling Panlipunan	Markahan	Una
Linggo	3	Araw	1 at 2
Pamagat/Paksa ng Aralin	SISTEMANG PANANAMPALATAYA		
Pangalan		Baitang at Seksiyon	

Pamagat/Paksa ng Aralin: Sistemang Pananampalataya

Layunin:


- Nasusuri ang heograpiyang pantao ng Timog Silangang Asya batay sa pangkat- etnolingguistiko pananampalataya, estrukturang panlipunan at ugnayangpangkapangyarihan.
- Naipaliliwanag ang heograpiyang pantao ng Timog Silangang Asya batay sa sistema ng pananampalataya.

Kagamitang Kailangan: Larawan ng mga relihiyon sa mundo, *slide decks* at aklat
Laang-panahon para sa gawain: 2 araw

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang panuto sa bawat gawain. Kung may mga bahagi ng mga panuto na hindi malinaw sa inyo, maaaring sabihin sa iyong guro o sa mga kasama sa gawain para sa karagdagang paliwanag. Sa mga gawain na panggrupo, mahalaga ang koordinasyon at pag- uugnay sa mga kasama sa proyekto. Tiyakin na magkatugma ang inyong mga plano at hakbang.

Gawain 1: Larawan-Suri

Panuto: Tingnan ang sumusunod na mga larawan. Suriin ang mga sagisag o simbolo at pananda



Gabay na Tanong:

1. Ano ang iyong nakikita sa larawan?
2. Aling simbolo ang pamilyar sa iyo?
3. Saan mo ito nakikita?

Gawain 2: Pagbasa ng Teksto

Panuto: Basahin ang teksto tungkol sa mga relihiyon sa Timog Silangang Asya. Itala ang mga impormasyon kung kinakailangan.

Mga Relihiyon sa Timog Silangang Asya

Ang **animismo** ay isang katutubong sistema ng pananampalataya na naniniwala sa mga espiritu o makapangyarihang puwersa na naninirahan sa kalikasan at sa mga bagay-bagay sa paligid. Ito ay isang malawakang relihiyong pinaniniwalaan ng mga katutubo sa

Timog Silangang Asya bago pa dumating ang iba't ibang organisadong relihiyon tulad ng Hinduismo, Budismo, Islam, at Kristiyanismo.

Sa animismo, ang mga espiritu o mga anito ay kinakatawan ng mga elemento ng kalikasan tulad ng mga bundok, ilog, puno, at iba pa. Naniniwala ang mga tagasunod ng animismo na ang mga ito ay may bisa at kapangyarihan, at kailangang alayan at dasalan upang magkaroon ng proteksyon at biyaya. May mga espiritu na itinuturing na mabubuti at mayroon ding masasamang espiritu, kaya't mahalaga ang mga ritwal at pagsamba para mapanatili ang harmoniya sa kalikasan at makamit ang kanilang mga kagustuhan.

Sa ilalim ng animismo, may mga tagapamagitan o mga katalonan na nagiging tulay sa pagitan ng tao at mga espiritu. Ito ay karaniwang mga babae, at sa Pilipinas, tinatawag silang "**katalonan**" sa mga Katagalugan at "**babaylan**" sa mga Bisaya. Ang kanilang tungkulin ay iparating ang mga hiling ng mga tao sa mga diyos at espiritu, at maging tagapamagitan sa mga ritwal at seremonya. May ilang mga tagapamagitan na mga lalaki na nakadamit na pambabae, tulad ng mga bayoguin sa Pilipinas at bissu sa Indonesia. Ang pagkakaroon ng katangian ng parehong kalalalahan at kababaihan ay nagbibigay sa kanila ng espesyal na kakayahan sa pagpapahayag ng mga panalangin at pagsamba.

Sa kabuoan, ang animismo ay isang malalim na aspeto ng kultura at pananampalataya sa Timog Silangang Asya. Bagamat nagbago ang mga paniniwala at dumating ang iba't ibang relihiyon, nananatili pa rin ang mga elemento ng animismo sa mga ritwal, paniniwala, at pagsamba ng mga tao sa rehiyon. Ito ay isang patunay sa pagkakaugnay ng tao sa kalikasan at sa mga espiritu na naninirahan sa kanilang paligid.

(Hango mula sa Asya: Pag-Usbong ng Kabihasan ni Mateo pp. 203)

Pamprosesong katanungan:

1. Batay sa teksto, ano raw ang naging sinaunang pananampalataya ng mga tao sa Timog Silangang Asya?
2. Anu-ano ang paniniwala na nakapaloob sa animismo?
3. Sino ang itinuturing na pinakamataas na lider sa pananampalatayang animismo?
4. Ano ang mahihinuha natin sa pagiging lider ng mga kababaihan ng sinaunang Timog Silangang Asya?

Gawain 3: Pangkatang Gawain

Ang klase ay hahatiin sa tatlo. Bawat pangkat ay bibigyan ng 10 minuto upang ipakita ang mga paniniwala ng sinaunang Lipunan ng Timog-Silangang Asya.

Pangkat 1: Graphic Organizer

Pangkat 2: Tableau

Pangkat 3: Dula-dulaan

Gabay na Tanong:

1. Paano ipinapamalas ng mga sinaunang lipunan sa Timog Silangang Asya ang kanilang pananampalataya?
2. Sa kasalukuyan, may mga naiwan bang mga pamamaraan/paniniwalang may kaugnayan sa relihiyon?
3. Magbigay ng halimbawa.

PAMANTAYAN SA PANGKATANG GAWAIN

Mga Pamantayan	5	3	2	Nakuhang Punto/s
Nilalaman	Naibigay nang buong husay ang hinihingi ng takdang paksa sa pangkatang gawain	May kaunting kakulangan ang nilalaman na ipinakita sa pangkatang gawain	Maraming kakulangan sa nilalaman na ipinakita sa pangkatang gawain.	
Presentasyon	Buong husay at malikhaing naiulat at naipaliwanag ang pangkatang gawain sa klase	Naiulat at naipaliwanag ang pangkatang gawain sa klase	Di-gaanong naipaliwanag ang pangkatang gawain sa klase	
Kooperasyon	Naipamalas ng buong kasapi ang pagkakaisa sa paggawa ng pangkatang gawain	Naipamalas ng halos lahat ng kasapi ang pagkakaisa sa paggawa ng pangkatang gawain	Naipamalas ang pagkakaisa ng ilang kasapi sa paggawa ng pangkatang gawain	
Takdang Oras	Natapos ang pangkatang gawain nang buong husay sa loob ng itinakdang oras	Natapos ang pangkatang gawain ngunit lumagpas gawain ngunit lumagpas sa takdang oras	Di natapos ang pangkatang gawain	

Gawain 4: Pagsulat ng sanaysay

Panuto: Sumulat ng isang maikling sanaysay tungkol sa epekto sa kultura ng ating relihiyon. Gawin ito sa sagutang papel. Pagkatapos sumulat ng sanaysay, pumili ng kapareha sa iyong mga kamag-aral at magpalitan ng opinyon ukol sa isinulat na sanaysay.

RUBRIK SA PAGSULAT NG SANAYSAY

Pamantayan	Kahanga-hanga (5)	Mahusay (4)	Magaling (3)	Pagbutihin pa (2)	Puntos
Nilalaman	Ang kalinisan at kabuuang kaisipan ng sanaysay ay maayos na naipakita, at ang nilalaman ay makabuluhan	Ang nilalaman ng sanaysay ay makabuluhan at malinis	May kaunting bura sa sanaysay gayundin ang nilalaman ay hindi gaanong makabukuhan	Walang kabuluhan at kalinisang nakita sa sanaysay	

Pagkamalikhair	Ang kabuuan ng sanaysay ay masining at natatangi	Ang sanaysay ay masining at natatangi	Ilan sa mga bahagi ng sanaysay ay karaniwan lamang	Walang pagkamalikhaing nakita sa kabuuang ng sanaysay	
Istilo	Ang istilo ng pagsulat ay malinaw at madaling maunawaan	Ang mga bahagi ng sanaysay ay may malinaw na istilo	May mga bahagi ng sanaysay na hindi gaanong malinaw	Walang kalinawan sa istilo	
Tema	Ang kabuuan ng sanaysay ay may kaisahan at kaugnayan sa tema	Karamihan sa nilalaman ay kaugnayan sa tema	Ilan sa nilalaman ay walang kaugnayan sa tema	Walang kaisahan at kaugnayan sa tema ang nilalaman	

Gawain 5: Iakto mo.

Panuto: Pipili ng ilang mag-aaral. Umisip ng isang paniniwalang animismo at iakto ito sa klase. Ang ibang mag-aaral ay huhulaan kung ang inaakto ay isang animismo o hindi.

Dagdag pang mga Kagamitan

(Opsiyonal): Pagtataya/Repleksiyon

Panuto: Kompletuhin ang pahayag sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel. (10 puntos)

Animismo ay sinaunang relihiyon sa Timog-Silangang Asya kung saan may paniniwalang _____

Tala para sa Guro:

Ang mga gawain na nakapaloob sa Learning Activity Sheet ay mga mungkahing lamang. Maaari ring gumamit ng iba pang estratehiya o sanggunian upang mapalawak ang kaisipan ng mag-aaral.

RUBRIKS	Deskripsyon	Puntos
Nilalaman 70%	Napakahusay. Wasto at may batayan ang Mga punto sa sanaysay	
Organisasyon 30%	May kaugnayan ang lahat ng mga datos na inilalahad sa sanaysay	
Kabuoan		100%

Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat)

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

Asignatura	Araling Panlipunan	Markahan	Una
Linggo	3	Araw	3
Pamagat/Paksa ng Aralin	Estrukturang Panlipunan		
Pangalan		Baitang at Seksiyon	

Gawain Blg. 2

Pamagat/Paksa ng Aralin: Estrukturang Panlipunan

Layunin: Naiuugnay ang katangian ng sinaunang lipunan sa pagkakamag-anak, pamilya, at kasarian (kinship, family, and gender) sa Timog Silangang Asya.

- Nailalarawan ang heograpiyang pantao ng Timog Silangang Asya batay sa strukturang Panlipunan.
- Napaghahambing ang katangian ng sinauna at kasalukuyang lipunan ng Timog Silangang Asya.

Kagamitang Kailangan: Mga Larawan, *slide decks* at aklat

Laang-panahon para sa gawain: 1 araw

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga panuto sa bawat gawain. Kung may mga bahagi ng mga panuto na hindi malinaw sa inyo, maaaring sabihin sa iyong guro o sa mga kasama sa gawain para sa karagdagang paliwanag. Sa mga gawain na pang-grupo, mahalaga ang koordinasyon at pag-uugnay sa mga kasama sa proyekto. Tiyakin na magkatugma ang inyong mga plano at hakbang.

Gawain 1: Guess the Gibberish

Panuto: Hulaan ang mga salita batay sa pagkakabigkas nito. Ang unang salita ay sinagutan na bilang halimbawa.

1. COOL-KUL TWO- TU RA-Ra =KULTURA

COOL TWO RA
LEE POOH NUN
BATH EEK
KNEE YO LIT EEK CO
SEEN A OWN A

Gabay na tanong;

1. Ano-anong mga salita ang naubo?
2. Batay sa mga nabuong salita, ano kaya ang paksang- aralin?

Gawain 2: Pagbasa ng Teksto

Panuto: Basahin ang sumusunod na teksto. Alamin ang mga katutubong kultura sa Panahon ng Neolitiko.

Panahong Neolitiko: Katibayan ng Katutubong Kalinangan

Napakahalaga ng Panahong Neolitiko sa pag-unlad ng katutubong kultura ng Timog Silangang Asya. Ito ang yugto ng kasaysayan kung saan naganap ang mga pagbabago sa pamumuhay at sibilisasyon ng mga tao sa rehiyon. Narito ang mahahalagang punto mula sa iyong paglalarawan:

1. Pagsasaka at Pangingisda: Ang mga tao sa Panahong Neolitiko ay nagkaroon ng mga teknik sa pagsasaka at pangingisda. Ang pagtanim ng halamang-ugat at pagpaparami ng mga hayop, gaya ng baka at kalabaw na nagbigay-daan sa mas maunlad na pamumuhay.

2. Pag-aaral ng Metal: Sa pagdating ng paggamit ng metal, lalo na ang bakal, naging mas maunlad ang kanilang teknolohiya. Ang mga kagamitang metal ay nagbigay-daan sa mas epektibong pagsasaka, konstruksiyon at iba pang aspekto ng pamumuhay.

3. Pagsasagawa ng Kultura: Ang mga natagpuang relikyang ay nagpapakita ng mga katangian ng kultura sa Panahong Neolitiko. Kabilang dito ang mga bagay na yari sa bato, palayok na may markang lubid, at kagamitang yari sa buto.

4. Pamahalaan at Lipunang Panlipunan: Mayroon nang simula ng mga uring panlipunan batay sa relasyon sa produksiyon. Ang mga tao ay nagsimulang magtanim at mag-alaga ng hayop, na nangangailangan ng kooperasyon at organisasyon sa loob ng pamayanan.

5. Kasalukuyang Kultura: Mga tradisyon at aspekto ng kultura sa Panahong Neolitiko ay nanatiling buhay sa mga bansa sa Timog Silangang Asya. Halimbawa nito ay ang mga ritwal tulad ng pagpapahalaga sa kalikasan bilang tahanan ng mga espiritu, pagsamba sa mga ninuno at diyos ng lupain, at ang lokasyon ng mga banal na dambana sa matataas na lugar tulad ng mga bundok.

6. Mitikal na Pananampalataya: Ang mitolohiyang nagpapahayag ng dualismo ng kabundukan at karagatan, pati na rin ang mga taong naninirahan sa mga ito, ay nagpapakita ng malalim na paniniwala sa mga espiritu at ang ugnayan ng kalikasan sa kanilang kultura.

7. Sining at Musika: Ang mga aspekto ng kultura gaya ng puppet shadow theater (wayang kulit) at orkestrang gamelan ay nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan, nagpapakita ng kanilang malalim na kultura at sining.

Ang mga aspekto ng kultura na ito ay nagpapakita ng malalim na ugnayan ng mga tao sa kalikasan, mga espiritu, at sa isa't isa. Ito ay nagpapakita rin ng kanilang kakayahan sa teknolohiya, pamumuhay, at pag-unlad ng lipunan. Sa pangkalahatan, ang Panahong Neolitiko ay isang mahalagang yugto sa pag-unlad ng katutubong kultura sa Timog Silangang Asya, na nagpapakita ng kanilang kahusayan sa mga aspekto ng pamumuhay at sibilisasyon.

(Hango mula sa Asya: Pag-Usbong ng Kabihasnang ni Mateo pp. 203)

Pangkatang Gawain

Ang klase ay hahatiin sa dalawa. Bawat pangkat ay bibigyan ng 10 minuto upang ipakita ang katangian ng sinaunang lipunan ng Timog Silangang Asya.

Pangkat 1: Iguhit ang katangian ng sinaunang lipunan ng Timog Silangang Asya.

Pangkat 2: Iguhit ang katangian ng kasalukuyang lipunan ng mga bansa sa Timog Silangang Asya

1. Ano-ano ang mga naiguhit sa gawain?
2. Paano naiiba ang katangian ng sinauna at kasalukuyang lipunan sa Timog- Silangang Asya? Ipaliwanag.

RUBRIK SA PAGGUHIT

Mga Krayterya	5	4	3	2	Puntos
Pagkamalikhain	Lubos na nagpamalas ng pagkamalikhain sa paghahanda	Naging malikhain sa paghahanda	Hindi gaanong naging malikhain sa paghahanda	Walang ipinamalas na pagkamalikhain sa paghahanda	
Pamamahala ng oras	Ginamit ang sapat na oras na itinakda sa paggawa at naisumite nang maaga sa takdang oras ay	Ginamit ang oras na itinakda sa paggawa at naisumite sa takdang oras	Lumabis sa takdang oras sa paggawa at naisumite sa takdang oras	Hindi natapos sa takdang oras at hindi naisumite ang gawain	
Organisasyon	Buo ang kaisipan, kumpleto ang detalye at napakalinaw ng intensiyon	May kaisahan at may sapat na detalye at malinaw na intensiyon	May kaisahan, kulang sa detalye at hindi gaanong malinaw ang intensiyon	Hindi ganap ang pagkakabuo, kulang ang detalye at hindi malinawa ng intensiyon	
Kaangkupan sa Paksa	Angkop na angkop ang mga salita at larawan sa paksa	Angkop ang mga salita at larawan ng paksa	Hindi gaanong angkop ang mga salita at larawan sa paksa	Hindi angkop ang mga salita at larawan sa paksa	

Gawain 4: Time Traveler

Panuto: Ipalagay na isang "Time Traveler." Isulat sa sagutang papel ang kaganapan sa sinaunang lipunan ang iyong babalikan. Pangatuwiranan.

Gawain 5: Reflective Journal

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel

Bilang isang mag-aaral, paano nakaaapekto ang mga pagbabago sa katangian ng lipunan? Pangatuwiranan.

Dagdag pang mga Kagamitan

(Opsiyonal): Pagtataya/Repleksiyon

Panuto: Basahin ang sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng inyong sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang nagpapaliwanag kung bakit ang mga templo o pook sambahan sa Timog Silangang Asya ay matatagpuan sa mga itaas ng bundok?
 - A. Ang mga kabundukan ay unang nasisikatan ng araw.
 - B. Mas mataas, mas malapit sa langit ang palagay ng mga tao.
 - C. Ang lahat ng mga diyosa ay nasa kabundukan.
 - D. Paniniwala na ang mga diyos at diyosa ay sa bundok nagpapakita
2. Sa mga nakatalang ebidensya ng sinaunang estrukturang panlipunan, alin ang nagpapakita ng kahusayan ng mga tao sa sining?
 - A. Batik at wayang kulit
 - B. Pinta sa mga kisame
 - C. Sayaw ng lahi
 - D. Awit patungkol sa kalikasan
3. Anong pahayag ang nagpapakita ng paniniwalang animismo?
 - A. May mga shaman na sa lipunan
 - B. Sundin ang agos ng kalikasan
 - C. May mga espiritung nananahan sa kalikasan
 - D. Pagsunod sa mga turo ni Allah
4. Alin sa sumusunod ang ebidensya ng pagtatanim sa panahon Neolitiko?
 - A. patalim
 - B. palayok
 - C. gamelan
 - D. asarol
5. Ang sumusunod ay kabilang sa mga katangian ng lipunan ayon kay Coedes **MALIBAN** sa
 - A. Paggamit ng asarol sa pagtatanim
 - B. Pag-aalaga ng baka
 - C. Paggamit ng Bronze
 - D. Pakikipagkalakalan

Tala para sa Guro:

Ang mga gawain na nakapaloob sa *Learning Activity Sheet* ay mga mungkahi lamang. Maaari ring gumamit ng iba pang estratehiya o sanggunian upang mapalawak ang kaisipan ng mag-aaral.

Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat):

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

Asignatura	Araling Panlipunan	Markahan	Una
Linggo	3	Araw	4
Pamagat/Paksa ng Aralin	Ugnayang Pangkapangyarihan		
Pangalan		Baitang at Seksiyon	

Gawain Blg. 3

Pamagat/Paksa ng Aralin: Ugnayang Pangkapangyarihan

Layunin: Naiuugnay ang katangian ng sinaunang Lipunan sa pagkakamag-anak, pamilya, at kasarian (*kinship, family, and gender*) sa Timog Silangang Asya.

- Natutukoy ang heograpiyang pantao ng Timog Silangang Asya batay sa ugnayang panlipunan.

Kagamitang Kailangan: Mga Larawan, *slide decks* at aklat


Laang-panahon para sa gawain: 1 araw

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga panuto sa bawat gawain. Kung may mga bahagi ng mga panuto na hindi malinaw sa inyo, maaaring sabihin sa iyong guro o sa mga kasama sa gawain para sa karagdagang paliwanag. Sa mga gawain na pang-grupo, mahalaga ang koordinasyon at pag-uugnay sa mga kasama sa proyekto. Tiyakin na magkatugma ang inyong mga plano at hakbang.

Gawain 1: Magsagawa ng laro bilang panimulang gawain at balik aral

4 PICS 1 WORD

Panuto: Tukuyin ang salitang Ingles na ipinapahiwatig ng mga larawan.



Gabay na tanong:

1. Ano ang ibig sabihin ng salitang tinutukoy?
2. Ano ang kinalaman ng mga larawang ito at salita sa paksang-aralin?

Gawain 2: Pagbasa ng Teksto

Tunay ngang malalim ang ugnayan ng mga sinaunang pinuno sa mga diyos sa kultura ng Timog Silangang Asya. Ang mga sinaunang pamayanan sa rehiyong ito ay may mataas na pagpapahalaga sa espiritwalidad, at ang mga pinuno ay naglalaro ng mahalagang papel bilang mga tagapamagitan sa pagitan ng mga tao at mga espiritu o diyos.

Sa ilalim ng animismo, ang mga pinuno ay kinikilala bilang mga "**men of prowess,**" mga lalaking nagtataglay ng kakaibang tapang, galing, at katalinuhan. Sila ang nangunguna sa mga ritwal at seremonya upang bigyang-pugay ang mga espiritu o diyos, at

ginagampanan ang tungkulin na itaguyod ang maayos na relasyon sa kalikasan at sa espiritwal na mundo.

Ang mga **mito** ng pinagmulan ay mahalaga rin sa pag-unawa ng mga tao sa kanilang kaharian at sarili. Ang mga kuwento ng mga diyos at mga bayani ay nagbibigay ng konteksto at paliwanag sa kanilang kultura, lipunan, at mga pagpapahalaga. Ang mga pangunahing pinuno ay kadalasang may ugnayang espesyal sa mga diyos, at ang kanilang mga kilos at desisyon ay naiugnay sa mga espiritwal na puwersa.

Sa pagpili ng mga pinuno, ang kanilang tapang, katalinuhan, at kakayahang mamuno ay mahalaga, ngunit hindi lamang ito ang kanilang tinuturing na katangian. Ang kanilang kakayahang makipag-ugnayan sa mga espiritu at magtaguyod ng espiritwal na aspekto ng pamumuhay ay isa rin sa mga kinikilalang dahilan kung bakit sila napipili bilang mga lider.

Ang mga ritwal at seremonya ng pagsamba sa mga espiritu o diyos ay nagbibigaydaan sa mga pinuno na maipakita ang kanilang kakayahan at dedikasyon sa pamumuno. Sa pamamagitan ng mga ritwal na ito, inaasahan na mapanatili ang harmonya sa kalikasan at ang kasaganaan ng kanilang kaharian.

Sa kabuoan ang ugnayan ng mga sinaunang pinuno sa mga diyos ay nagpapakita ng malalim na espiritwal na dimensyon ng kanilang kultura. Ang kanilang papel bilang tagapamagitan, tagapagtanggol, at lider ay umiiral hindi lamang sa mga gawain sa pamumuhay kundi pati na rin sa espiritwal na aspekto ng kanilang komunidad. *Hango mula sa Asya: Pag-Usbong ng Kabihasan ni Mateo pp. 147*

Gawain 3: Pangkatang Gawain

Panuto: Magsagawa ng re-enactment ng pagpapalaganap ng kapangyarihan ng mga hari sa Timog

Silangang Asya.

Pangkat 1: Myanmar

Pangkat 2: Vietnam

Pangkat 3: Pilipinas

PAMANTAYAN SA PAGTATANGHAL

Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Katamtaman (3)	Kailangang Pagbutihin (2)	Punto/s
Nilalaman	Napakahusay ng pagkakabuo at malinaw ang pagkakalahad	Mahusay ang pagkakabuo at malinaw ang pagkakalahad	Hindi masyadong maayos at malinaw ang pagkakabuo at pagkakalahad	Hindi angkop ang paksa, hindi maayos at malinaw ang pagkakalahad	
Pagganap ng mga Tauhan	Maayos, makatotohanan at makatarungang pagbibigay buhay na	Maayos at makatarungan ang pagbibigay buhay sa uri ng personalidad	Hindi masyadong maayos at makatarungan ang pagganap ng tauhan	Hindi maayos ang pagganap ng mga tauhan	

	taglay ng tauhan	na taglay ng tauhan			
Kasuotan/ Kagamitan	Ang bawat kasapi ng pangkat ay may maayos at angkop na kasuotan o kagamitan	May kagamitan ngunit may ilang kasapi na hindi maayos ang kasuotan	Hindi gaanong maayos ang kasuotan at kagamitan	Hindi maayos ang kasuotan ng buong pangkat at walang kagamitan	
Pagkamalikhain	Napakahusay n at malikhain ang presentasyon	Mahusay at malikhain ang presentasyon	Hindi gaanong mahusay at malikhain ang presentasyon	Hindi mahusay at malikhain ang presentasyon	

Gabay na Tanong

1. Ano-ano ang mga bahaging ginagampanan ng mga hari sa Timog Silangang Asya?
2. Ipaliwanag ang kanilang paniniwala tungkol sa pinagmulan, gawi, asal, at tungkulin ng hari?


Gawain 4: Fact or Bluff

Panuto: Tukuyin ang mga pahayag kung katotohanan at walang katotohanan. Sabihin ang *fact* kung katotohanan at *bluff* kung walang katotohanan.

1. Mga kalalakihan ang mga pinuno sa Pilipinas gaya ng mga datu dahil sa paniniwalang *men of prowess*.
2. Karaniwang mga babaylan o mga babaeng lider espiritwal ang nangunguna sa mga ritwal sa bansang Vietnam.
3. Sa pagpanaw ng mga hari sa Myanmar, ito ay makikiisa sa mga diyos o magiging espiritu.

Gawain 5: Paano ba?

Panuto: Sagutin ang tanong sa *speech balloon*.



Dagdag pang mga Kagamitan
(Opsiyonal): Pagtataya/Repleksiyon

Panuto: Basahin ang sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Bakit mahalaga ang mga mito ng pinagmulan ng mga kaharian sa Timog Silangang Asya?
 - A. Upang mabigyan ng paliwanag ang pinagmulan ng kanilang kaharian
 - B. Upang maitala ang lahat ng kanilang mga kasaysayan
 - C. Upang makilala ng iba pang pamayanan
 - D. Upang maipakilala sa sunod na lahi
2. Alin ang **HINDI** katungkulan ng isang hari?
 - A. Tagapagitan sa mga diyos
 - B. Pigilan ang mga kalamidad
 - C. Panatilihin ang kasaganahan
 - D. Palaganapin ang relihiyon
3. Anong mangyayari sa pagkamatay ng hari?
 - A. Ipapaanod sa dagat ang labi
 - B. Itatapon ang abo sa kabundukan sa mga noo ng mga katribo
 - C. Makikiisa sa mga diyos
 - D. Maglilingkod sa mga diyos sa kabilang buhay
4. Bakit dapat mapanatili ang mabuting pamunuan ng hari sa lipunan?
 - A. Upang patuloy ang kasaganahan ng lipunan
 - B. Patuloy na pagpalain ng mga diyos
 - C. Masakop ang kabilang pamayanan
 - D. Maiwasan ang mga delubyo
5. Kung may maling pagsamba at pag-aalay sa mga espiritu, alin ang posibleng kaganapan?
 - A. Pagbagsak ng monarkiya
 - B. Pagkakaroon ng kaguluhan
 - C. Patuloy na proteksiyon sa mga diyos
 - D. Pagkakaroon ng sumpa

Tala para sa Guro:

Mga tala, mungkahi, o gabay para sa mga guro o *facilitator* na magpapagawa ng gawain.

Ekstensiyon/Pag-iiba-iba sa Gawain (kung kailangan o nararapat):